

KONTRATA SA PAGPAPAKABIT NG TUBIG

Ang kasunduang ito ay isinasagawa ng:

Infanta (Quezon) Water District, isang korporasyong pag-aari at sumasailalim sa mga batas ng Pilipinas sa bias ng Batas Pambansa Blg. 198, na kinakatawan ni **ENGR. ALEJO G. GONIO**, OIC/Pangkalahatang Tagapamahala, may sapat na gulang, mamamayang Pilipino, na dito ay kikilalaning **IQWD**;

– AT –

G./Gng./Bb. _____ may sapat na gulang, Pilipino, walang asawa/kasal kay _____ at naninirahan sa Brgy. _____ Infanta, Quezon, dito ay kikilalanin bilang **TAGATANGKILIK**.

– AY MAGSASAAD AT MAGPAPATUNAY –

Bilang TAGATANGKILIK, nangangako ako at tutupad sa mga kasunduang nasasaad sa kasulatang ito:

1. Na ako ay kusang loob na nagnanais makinabang sa serbisyo ng tubig na ipinagkakaloob ng IQWD;
2. Na ako ang tunay na may-ari ng bahay/tindahan/paupahan/gusaling pang-negosyo na siyang binibigyan ng karapatan na mag-apply bilang TAGATANGKILIK;
3. Na ako ay sumasang-ayon sa kapasiyahan ng IQWD na Residential o Commercial ang maging uri ng aking Service Connection Fee;
4. Na ako ay lubos na sumasang-ayon sa Service Connection Fee na **₱2,500.00** sa paraang Cash o Installment (*for Residential only*)
 ₱3,500.00 Cash Payment (Commercial 1/2")
 ₱4,500.00 Cash Payment (Commercial 3/4")
 ₱6,500.00 Cash Payment (Commercial 1")
5. Na aking pangangalagaan at wala akong gagalawin sa Water Meter na nakapangalan sa akin, kasama ang linya ng tubig mula sa Distribution o Main Line ng IQWD, at ang linya na papunta sa aking tahanan.
6. Na ang IQWD ay walang pananagutan sa pagkawala o pagkatigil ng serbisyo sa mga kadahilanang hindi kayang maiwasan o kasiraang sanhi ng depekto sa distribution line;
7. Na aking pinahintulutan ang sinumang kawani ng IQWD na magsiyasat, mag-ayos ng linya at iba pa para sa kaayusan ng serbisyo (official working hours);
8. Bilang TAGATANGKILIK ay sumasang-ayon ako at pumapailalim sa umiiral na batas o alituntunin ng IQWD na putulin ang serbisyo ng tubig kung may nalabag sa mga patakaran gayundin sa mga alituntuning iiral pa;
9. Akin isasangguni ang Leak o tagas ng tubig mula sa Distribution o Main Line hanggang sa kuntador o Meter Stand ng tubig (Maintenance of IQWD). Ang Leak o tagas sa linya ng tubig lampas ng kuntador o metro ng tubig papunta sa aking tahanan ay aking pananagutan kasama ang materyales na dapat gamitin.
10. Sa unang pagkakataon na nasira ang Control Valve/Ball Valve na nakakabit sa Meter Stand ito ay papalitan ng IQWD, at sa susunod ay sagot na ng konsesyonaryo.
11. Na ako ang magbabayad ng halaga katumbas ng natapon o tumagas na tubig mula metro hanggang sa loob ng aming tahanan;
12. Sumasang-ayon din ako na putulin ang serbisyo ng tubig sa anumang paglabag na aking nagawa sa mga alituntunin ng IQWD at National Crises Act of 1995. At nakahanda akong panagutan ang multang **₱7,500.00** at pagtutuos ng nagamit na tubig.

SA KATUNAYAN NG LAHAT NG ITO, kami ay naglagda ng aming pangalan ngayong ika-_____ ng _____ 2022 dito sa Infanta, Quezon.

INFANTA (QUEZON WATER DISTRICT)

TAGATANGKILIK

ENGR. ALEJO G. GONIO
Punong Tagapamahala/OIC

_____ Lagda

NILAGDAAN SA HARAP NAMIN:

_____ SAKSI _____

ACKNOWLEDGEMENT

Republic of the Philippines)
PROVINCE OF QUEZON) S. S.
Municipality of Infanta

BEFORE ME, a notary public for and in the Province of Quezon, this ____ day of _____ personally came and appeared _____, with CTC No. _____, issued at Infanta, Quezon on _____ and ENGR. ALEJO G. GONIO with CTC No. _____, issued at Infanta, Quezon on _____ known to me and to me known to be the same person who executed the foregoing Lease Contract Agreement and personally acknowledged to me that the same is their free and voluntary act and deed.

WITNESS MY HAND AND SEAL on the date and place above written.

Doc. No. _____
Page No. _____
Book No. _____
Series of _____

Anniversary
INFANTA (QUEZON) WATER DISTRICT

Ang **IQWD** ay Water Service Provider sa bayan ng Infanta na nilikha ng **PRESIDENTIAL DECREE NO. 198** bilang isang **GOCC** (Government Owned and Controlled Corporation) na ang mandato ay iparating sa mga mamamayan ang sapat na tubig sang-ayon sa kakayahan nito.

Ang **LOCAL WATER UTILITIES ADMINISTRATION (LWUA)** ay ang pangkalahatang tagapamahala ng lahat ng Local Water District sa buong Pilipinas, gaya ng IQWD.

CLASSIFICATION

- A. Residential/Government Service Connections:
- Service Connection Fee na babayaran ng **TAGATANGKILIK:**
A. RESIDENTIAL 1/2" **₱2,500.00** (Cash o Installment)
 - CASH Basis: may libreng **MINIMUM** charge sa unang billing
 - INSTALLMENT (*para lamang sa residential connection*): Downpayment na **₱500** at **₱2,000** na hulugan (sa loob ng 10 buwan)
 - Minimum Charge (Residential): **₱248.00** – Makunsumo at hindi ang 10 cu.m.
- B. Commercial/Industrial Service Connections
- COMMERCIAL 1/2" **₱3,500.00** C. COMMERCIAL 3/4" **₱4,500.00** D. COMMERCIAL 1" **₱6,500.00**
 - * Commercial A **₱434.00**
 - * Commercial B **₱372.00**
 - * Commercial C **₱310.00**
 - * Full Commercial **₱496.00**
- C. All Service Connection is Non-Refundable

REQUIREMENTS

- Photocopy ng **2 Valid IDs** o Police Clearance
- Photocopy ng **CEDULA**
- Photocopy ng **Proof of Ownership/ Land Title**
- Original **Barangay Certificate** (*patunay na residente ng lugar para sa application ng water service connection sa IQWD*)
- Original Copy ng Brgy. Permit for Cutter (kapag tatawid ng kalsada, kung kinakailangan)
- Permit form DPWH (If Necessary)
- Senior Citizen's ID (*para sa Senior Citizen lamang*)
- PWD ID o Katibayan ng pagiging Solo Parent (*para sa PWD or Solo Parent lamang*)
- Katibayan ng pagdalo sa orientation, notaryadong kontrata at service application (estimate form)

MGA PATAKARAN AT ALITUNTUNIN NA IPINATUTUPAD NG IQWD:

PAGPAPAKABIT AT PAGPAPALIPAT NG METRO

- Tanging ang nagmamay-ari ng bahay, paupahan, apartment o gusaling pang-negosyo ang bibigyan ng karapatan upang mag-apply bilang TAGATANGKILIK;
- Ang materyales at iba pang gastusin sa pagpapakabit ng tubig mula sa distribution line ng IQWD hanggang sa metro o bahay ay pananagutan ng aplikante. Anumang nasira o masisira sa anumang kadahilanan ay pananagutan ng tagatangkilik;
- Ang tagatangkilik ang magpapahukay ng linya na lalagyan ng tubo mula metro hanggang sa kanilang tahanan ayon sa tamang lalim ng sinabi ng Water Maintenance Man na nagsuri sa lugar;
- Ang water meter ay ilalagay lamang sa lugar na mababasa ng meter reader sa araw ng reading kahit na sarado ang bahay at walang tao; Mas malapit ang Metro sa Main Line kesa sa Bahay ng Tagatangkilik.
- Anumang kasiraan sa metro ay pananagutan ng Tagatangkilik at ipagbigay-alam agad sa tanggapan ng IQWD upang mabigyan ng aksyon sa lalong madaling panahon;
- Ang water meter sa inyong pangalan ay maaaring ipalipat saan mang Barangay sa Infanta na may babayaran **₱500.00** (Transfer of Water Meter) bilang gastos sa pagpapalipat at **₱300.00** para sa (Transfer/Tapping Fee) dating Barangay at depende sa mga materyales pa na gagamitin.
- Ang Relocation ng Metro ay kailangan ipaalam sa opisina upang maiwasan ang sanhi ng pagkasira nito o paglabag.
- Ang Accuray o Lifespan ng metro ng tubig ay tumatagal lamang ng higit sa 5 taon at ito ay kinakailangan ng mapalitan na hindi binabayaran ng Tagatangkilik.
- Para sa mga magpapalipat ng pangalan ay kailangan dumalo ng Orientation/Seminar at magpasa ng mga hinihinging kaukulan dokumento.

BILLING AT PAGBABAYAD

- Alamin ang pagbasa ng Water Meter upang malaman agad kung may tagas o tilas sa inyong kabahayan o pasilidad at mag-report agad sa tanggapan ng IQWD;

Life goes well

2. Ang BILLING PERIOD ay kada buwan at magsisimula sa unang araw ng buwan na sumasailalim sa Computerized Billing System. Ang bawat bill ay magpapakita ng mga sumusunod:
 - A. Pangalan
 - B. Account No.
 - C. Serial No. ng Water Meter
 - D. Billing Date
 - E. Tala ng Konsumo
 - F. Halaga ng Babayaran
 - G. Due Date
 - H. Disconnection Date
3. Kung ang tagatangkilik ay nakabitan sa huling linggo ng buwan, ang babayaran ay ang nakonsumo lamang. (Petsa ng 25 hanggang katapusan.)
4. Magkakaroon ng 10% penalty kapag hindi nakabayad sa itinakdang due date at ito ay nagsisimula tuwing petsa ng 16 hanggang 24 kada buwan.
5. Maaari ng magbayad sa **GCASH/PAYMAYA/TRUE MONEY/7 11/ICDEC/Tambunting/RD Pawnshop at ONLINE PAYMENT sa Landbank LinkBiz Portal.**
6. Tuwing katapusan ng buwan ay nagsasagawa ng Monthly Raffle Draw at ang mga makakasama dito o pwedeng manalo ay mga walang penalty o hindi lumampas ng Due Date.
7. Para naman sa Refund ng Sobrang bayad ay tanging materyales at bill lamang ang kailangan i-refund at may **₱50.00** na kailangan bayaran para sa processing fee.
8. Sa mga humihingi ng mga kopya ng Customer Ledger, ito ay may **₱50.00** na kailangan bayaran para sa processing fee.

PAGPUTOL, PAGPAPAPUTOL AT MULING PAGPAPAKABIT NG LINYA NG TUBIG

1. Kung sakaling naputulan ng serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad ng nakonsumong tubig, ito ay maaaring ipakabit muli na may Reconnection Fee na **₱200.00** at matapos bayaran ang lahat ng dapat bayaran.
2. Kapag naputulan sa loob ng 6 na buwan ay tatanggalin ang koneksyon sa Distribution o Main Line kasama ang Metro ng tubig. Babayaran lahat ng materyales sa muling pagpapakabit nito
3. Karapatan ng TAGATANGKILIK ang "VOLUNTARY/TEMPORARY DISCONNECTION" ng serbisyo kung walang pangangailangan sa tubig upang maiwasan ang buwanang bill. Subalit kailangan muna bayaran ang naiwanan na bill at magbabayad ng **₱50.00** sa muling pagpapakabit nito.
4. Matapos pansamantalang ipaputol at inabot ng 1 taon ay tatanggalin ang koneksyon mula sa Distribution o Main Line kasama ang Metro ng tubig.
5. Anumang paglabag sa patakaran o alituntunin ng IQWD ay sapat na dahilang upang ipatigil pansamantala o pangmatagalan ang serbisyo ng tubig, sang-ayon sa bigat ng nagawang paglabag.
6. Mahigpit na ipatutupad ang Batas Pambansa Blg. 8041 o National Crises Act of 1995.

IBA PANG PAALALA:

1. Ugaliin na magbayad ng maaga upang makasali sa **monthly raffle draw**.
2. Ugaliin alamin at bantayan kung may **leak o tagas** ang inyong linya upang maagapan ito at maiwasan ang paglaki ng bayarin.
3. May matatanggap na pabuya ang sinumang makakapagreport sa mga **illegal connection (tampering o bypass)**.